

Republic of the Philippines  
Province of Oriental Mindoro  
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 05 DECEMBER 1994, 9:10 AM. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

-----  
Present:

|                               |                       |
|-------------------------------|-----------------------|
| Vice Mayor Jesus M. Dimapilis | - Presiding Officer   |
| Kagawad Cesar T. Baticos      | - Member              |
| Kagawad Honesto O. Taytay     | - Member              |
| Kagawad Crisencio S. Calma    | - Member              |
| Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. | - Member              |
| Kagawad Ferdinand V. Talens   | - Member              |
| Kagawad Bernabe S. Mortel     | - Member              |
| Kagawad Cosme T. Mores, Jr.   | - Member              |
| Kagawad Ramulfo C. Bernal     | - Member              |
| Kagawad Lorna F. Dimapilis    | - Member, SK Chairman |

Absent:

|                             |                         |
|-----------------------------|-------------------------|
| Kagawad Eduardo G. Villamin | - Member, ABC President |
|-----------------------------|-------------------------|

-----

KAPASYAHAN BIG. 124  
Taong 1994

KAPASYAHANG NAGPAPABOT SA PUNONG LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO, KGG. RODOLFO G. VALENEIA, NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA AGARANG PAGPAPADALA NG SASAKYANG PANDAGAT, ALEGRIA VIDA - MINDORO 2000 BILANG TUGON SA TRANSPORTASYONG PANLUPA NA NAGING PROBLEMA DULOT NG NAKARAANG LINDOL.

SAPAGKA'T, ang agarang pagpapadala ng Alegria Vida - Mindoro 2000, ang sasakyang pandagat na ipinadala ng Punong lalawigan, ay naging malaking katugunan sa sitwasyong bunga ng mapaminsalang lindol noong 15 Nobyembre 1994;

SAPAGKA'T, ang naturang transportasyong pandagat ay nagsilbing tagapag-sugpong upang ang lokal na produkto ng katimugang Mindoro, na binubuo ng Roxas, Mansalay, Bulalacao at Bongabong ay mailabas sa pamilihang nasyonal at ganoon din ng mga produkto sa kamaynilaan na maipadala sa bahaging ito ng lalawigan;

SAPAGKA'T, ang maliliit at malalaking tulay na siyang naglalapit sa kabukiran ng lalawigan at pamilihang sentral ay naigupo ng naturang lindol upang ang malalaking sasakyang nagluluwas ng lokal na produkto ay natugunan ng transportasyong pandagat na ito;

SAPAGKAT, ang katimugang Mindoro na siyang nakinabang laho't higit sa lahat, ay nakagagalaw ng normal sa aspetong pangkabuhayan, dulot ng agarang tugon ng Pamahalaang Panlalawigan;

*[Handwritten signature]*

SAPAGKA'T, ang Pamahalaang Bayan ng Roxas ay nais magpaabot ng tauspusong pasasalamat sa Pamahalaang Panlalawigan, lalo't higit sa Punong Lalawigan dahil sa katugunang ito at ang nagsilbing daungan ay ang bayang ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Honesto O. Taytay na pinangalawahan ng lahat -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Kgg. RODOLFO G. VALENCIA, Punong Panlalawigan ng Silangang Mindoro ang tauspusong pasasalamat sa agarang pagpapadala ng sasakyang pandagat Alegria Vida - Mindoro 2000 bilang tugon sa transportasyong panlupa na naging problema dulot ng nakaraang lindol.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. RODOLFO G. VALENCIA, Punong Panlalawigan ng Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat.


05 December 1994

Text Prepared by Sponsor : Kagawad Honesto O. Taytay


-----  
CERTIFIED CORRECT:

  
(SGD.) VIOLETA P. FUENTES  
Secretary to the Sangguniang Bayan

ATTESTED:

  
(SGD.) JESUS M. DIMAPILIS  
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

  
(SGD.) GELACIO I. YASON  
Municipal Mayor

merz/  
120694